## Si Jesus at ang Kanyang 12 Alagad



Noong unang panahon, nagsimulang magturo si Jesus tungkol sa pagmamahal ng Diyos. Hindi Siya isang ordinaryong tao—Siya ang Anak ng Diyos! Habang naglalakbay si Jesus, alam Niya na kailangan Niya ng mga katuwang upang ipahayag ang mabuting balita sa lahat. Kaya't nagsimula Siyang tumawag ng mga alagad upang sumunod sa Kanya.

**Simon, Andres, Santiago at Juan** (Mateo 4:18-22)
Isang umaga, abala sina Simon at ang kanyang kapatid na si Andres sa pangingisda sa Lawa ng Galilea. Naghahagis sila ng lambat sa tubig, umaasang makahuli ng mga isda. Pangingisda ang kanilang hanapbuhay, at araw-araw silang nagsisikap. Minsan, habang nagtratrabaho sila, dumaan si Jesus at sinabi, "Sumunod kayo sa Akin, at gagawin Ko kayong mangingisda ng mga tao!" Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat sa baybayin at sumunod sa Kanya.

Habang naglalakad pa si Jesus sa tabing-dagat, nakita Niya si Santiago at Juan na nasa bangka kasama ang kanilang amang si Zebedeo. Inaayos nila ang kanilang mga lambat matapos ang magdamag na trabaho. Nang makita sila ni Jesus, tinawag Niya, "Sumunod kayo sa Akin!" Iniwan nila ang kanilang bangka, mga lambat, at ang kanilang ama at mga upahang manggagawa upang sumunod sa Kanya.

**Felipe at Nathanael** (Juan 1:43-51)
Isang araw pa, nakita ni Jesus si Felipe at sinabi, "Sumunod ka sa Akin." Masayang-masaya si Felipe kaya't tumakbo siya upang sabihin sa kanyang kaibigang si Nathanael. "Natagpuan na namin ang sinulat ni Moises sa Kautusan—si Jesus na taga-Nazaret!" Sa simula ay nagduda si Nathanael, ngunit sumama siya kay Felipe.

Nang makita ni Nathanael si Jesus, sinabi ni Jesus, "Nakita kita noong nasa ilalim ka ng puno ng igos, bago ka pa tinawag ni Felipe." Namangha si Nathanael. Alam na alam ni Jesus ang tungkol sa kanya kahit hindi pa sila nagkakakilala. Sinabi ni Nathanael, "Ikaw ang Anak ng Diyos; Ikaw ang Hari ng Israel!"

**Mateo** (Mateo 9:9-13)

Isa pang lalaki ang tinawag ni Jesus—si Mateo, na tinatawag ding Levi. Si Mateo ay isang maniningil ng buwis. Maraming tao ang hindi gusto ang mga maniningil ng buwis dahil madalas silang kumuha ng sobra-sobrang pera. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Sumunod ka sa Akin." Agad na tumayo si Mateo, iniwan ang kanyang mesa ng paniningil ng buwis, at sumunod kay Jesus.

**12 Alagad** (Marcos 3:13-19)

Tinawag ni Jesus ang 12 lalaki upang maging Kanyang pinakamalalapit na alagad: sina Simon (na tinawag ding Pedro), Andres, Santiago, Juan, Felipe, Nathanael (tinatawag ding Bartolome), Mateo, Tomas, Santiago (anak ni Alfeo), Tadeo (na tinatawag ding Judas na anak ni Santiago), Simon na Zelote, at Judas Iscariote. Ang mga lalaking ito ay nagmula sa iba't ibang uri ng buhay, ngunit lahat sila ay sumunod kay Jesus nang sila'y tawagin.

Si Jesus ay hindi tumitingin sa ating panlabas na anyo, maging sa ating estado sa buhay o kakayanan upang tayo ay Kanyang tawagin. Nang tawagin ni Jesus ang Kanyang mga disipulo, may layunin Siya para sa kanila—ang tulungan Siya na ibahagi ang pagmamahal ng Diyos at ilapit ang tao sa Diyos. Hindi hinanap ni Jesus ang pinakamayaman o pinakamatalinong tao; tinawag niya ang mga ordinaryong tao tulad ng mangingisda at maniningil ng buwis. Si Jesus ay may mahalagang plano para sa bawat isa, maging sino man tayo.

